




Philippine
Overseas
Employment
Administration

Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501
Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155



ADVISORY BLG. 37
Serye ng 2019

TO : SA LAHAT NG KINAUKULAN
PAKSA : Mga Alituntunin para sa Pag-iingat ng mga Pilipino sa Israel

Kaugnay sa nagaganap ng mga rocket attacks na inilunsad ng Palestinian Islamic Jihad (PIJ) sa Southern Israel (Sderot, Netivot, Kissufim, Tkuma, Zikim, at mga lugar na malapit sa border ng Gaza) gayundin sa Central Israel (Ashkelon, Ashdod, Holon, Tel Aviv, Rishon Lezion, Modi'in, Kfar Bin Nun), ang Embahada ng Pilipinas sa Israel ay naglabas ng mga paalala para sa kaligtasan ng lahat ng Pilipino sa nasabing bansa noong ika-12 ng Nobyembre 2019. Pinapaalalahanan ang Embahada ang lahat tungkol sa mga sumusunod:

1. Kapag narinig ang tunog ng sirena, agad na tumakbo sa pinakamalapit na bomb shelter sa loob ng bahay o gusali. Kapag kayo ay nasa labas ng inyong mga tahanan o gusali, pumunta sa pinakamalapit na bomb shelter o sa isang protected area;
2. Kung kasalukuyang bumibyaha sa pampublikong sasakyan, yumuko ng mas mababa sa antas ng bintana ng sasakyan at takpan ang inyong ulo. Kung kayo ay nagmamaneho o nakasakay sa pribadong sasakyan, agad na tumigil, lumabas ng sasakyan, at pumunta sa pinakamalapit na bomb shelter o sa isang protected area;
3. Kung maaari, ipagpaliban muna ang paglabas at manatili muna sa inyong mga tirahan;
4. Lalong maging maingat at mapagmatyag sa paligid;
5. Kung kailangan lumabas ng bahay, alamin ang lokasyon ng pinakamalapit na bomb shelter o protected area at magpatuloy na tumungo sa mga lugar na ito;
6. Kapag makarining ng putok ng baril, may makitang kaguluhan o kung nasa gitna ng nagaganap na kaguluhan o karahasan, magtago/ umiwas at dali-daling umalis sa lugar;
7. Huwag na huwag kukuha ng litrato o mag-usyuso sa nagaganap na kaguluhan o karahasan dahil ito ay delikado;
8. Mag-ingat sa pagsakay sa mga pampublikong sasakyan, at habang naghihintay ng pampublikong sasakyan sa bus stop, tumayo sa likod ng istasyon o ng metal/cement barriers kung meron nito, at tumayo malayo sa mga grupo ng taong naghihintay.

CONTROLLED AND DISSEMINATED
BY CRD ON 29 NOV 2019

9. Alamin ang mga pangyayari mula sa mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa sitwasyon sa Israel, tulad ng dyaryo at telebisyon;
10. Sumunod sa mga tagubilin ng Israel security forces at ng Israel Home Front Command, tumawag ng tulong kung kinakailangan (halimbawa: Police - 100; Magen David Adom (Ambulance/Emergency/Medical Service) - 101; Fire - 102, Israel Electric Corporation - 103, Home Front Command - 104; Municipality Call Center 106, 107, 108
11. Tumawag sa Philippine Embassy hotline number +97254-4661188 kung may emergency.

Para sa kaligtasan at kapakanan ng lahat.



BERNARD P. OLALIA
Administrator

13 November 2019

Source: *Embassy of the Republic of the Philippines*
Tel Aviv, Israel

CONTROLLED AND DISSEMINATED
BY CRD ON 29 NOV 2019